Helaman 1–6
AGOSTO 17–23

# Naaalala mo bang pakatandaan?

Ibinigay ni Helaman sa kanyang mga anak na lalaki ang mga pangalang Nephi at Lehi para maalala nila ang mabubuting gawa nina Nephi at Lehi na nauna sa kanila.

Sa kabanata 5 ng Helaman, ginamit ni Helaman ang salitang *alalahanin* nang 11 beses.

**TALAKAYAN**
Ang Aklat ni Mormon ay mayroong mahigit 200 reperensya sa pagalaala. Habang nagbabasa ka, isiping hanapin ang mga bagay na ipinayo na pakatandaan o alalahanin natin. Higit sa lahat, dapat nating tandaan na ang pagtubos ay dumarating sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo. Ano ang magagawa mo para mas maalala ang Tagapagligtas?

"Natatandaan" nina Nephi at Lehi "ang mga salita [ni Helaman]; at kaya nga, sila ay humayo, sinusunod ang mga kautusan ng Diyos" (Helaman 5:14).

Pinayuhan ni Helaman ang kanyang mga anak na pakatandaan:

▶ Na si Cristo ay paparito upang tubusin ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan (tingnan sa Helaman 5:9–11).

▶ Na isipin ang mabubuting halimbawa ng kanilang mga ninuno (tingnan sa Helaman 5:6).

▶ Na "sundin ang mga kautusan ng Diyos" (Helaman 5:6).

▶ Na itayo ang kanilang saligan kay Jesucristo (tingnan sa Helaman 5:12).

▶ Na sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-sala ni Cristo tayo maaaring maligtas (tingnan sa Helaman 5:9).



PAGLALARAWAN NI AUGUSTO ZAMBONATO